# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 19*
# *Ang Pagtawag kay David*

***"1 At sinabi ng Panginoon kay Samuel, Hanggang kailan pananangisan mo si Saul yamang aking itinakuwil siya na maging hari sa Israel? Punuin mo ng langis ang iyong sungay, at ikaw ay yumaon, susuguin kita kay Isai na Bethlehemita: sapagka't ako'y naglaan sa kaniyang mga anak ng isang hari.2 At sinabi ni Samuel, Paanong ako'y paroroon? Kung mabalitaan ni Saul, ay kaniyang papatayin ako. At sinabi ng Panginoon, Magdala ka ng isang dumalagang baka, at iyong sabihin, Ako'y naparito upang maghain sa Panginoon.3 At tawagin mo si Isai sa paghahain at aking ituturo sa iyo kung ano ang iyong gagawin; at iyong papahiran sa akin yaong sa iyo'y aking sabihin.4 At ginawa ni Samuel ang sinalita ng Panginoon at naparoon sa Bethlehem. At ang mga matanda sa bayan ay naparoon upang salubungin siya na nagsisipanginig, at nagsabi, Naparirito ka bang may kapayapaan? 5 At kaniyang sinabi, May kapayapaan: ako'y naparito upang maghain sa Panginoon: magpakabanal kayo at sumama kayo sa akin sa paghahain. At pinapagbanal niya si Isai at ang kaniyang mga anak, at tinawag niya sila sa paghahain.6 At nangyari, nang sila'y dumating na siya'y tumingin kay Eliab, at nagsabi, Tunay na ang pinahiran ng Panginoon ay nasa harap niya.7 Nguni't sinabi ng Panginoon kay Samuel, Huwag mong tingnan ang kaniyang mukha, o ang taas ng kaniyang kataasan; sapagka't aking itinakuwil siya: sapagka't hindi tumitingin ang Panginoon na gaya ng pagtingin ng tao: sapagka't ang tao ay tumitingin sa mukha, nguni't ang Panginoon ay tumitingin sa puso.8 Nang magkagayo'y tinawag ni Isai si Abinadab, at pinaraan niya sa harap ni Samuel. At kaniyang sinabi, Kahit ito man, ay hindi pinili ng Panginoon.9 Nang magkagayo'y pinaraan ni Isai si Samma. At kaniyang sinabi, Kahit ito man, ay hindi pinili ng Panginoon.10 At pinaraan ni Isai ang pito sa kaniyang mga anak sa harap ni Samuel. At sinabi ni Samuel kay Isai, Hindi pinili ng Panginoon ang mga ito.11 At sinabi ni Samuel kay Isai, Narito ba ang iyong lahat na anak? At kaniyang sinabi, Natitira pa ang bunso, at, narito, siya'y nag-aalaga sa mga tupa. At sinabi ni Samuel kay Isai, Ipasundo mo siya; sapagka't hindi tayo uupo hanggang sa siya'y dumating dito.12 At siya'y nagsugo, at sinundo siya roon. Siya nga'y may mapulang pisngi, may magandang bikas, at mabuting anyo. At sinabi ng Panginoon, Tumindig ka: pahiran mo siya ng langis, sapagka't ito nga.13 Nang magkagayo'y kinuha ni Samuel ang sungay ng langis, at pinahiran siya sa gitna ng kaniyang mga kapatid: at ang Espiritu ng Panginoon ay makapangyarihang suma kay David mula sa araw na yaon hanggang sa haharapin. Gayon bumangon si Samuel at napasa Rama.14 Ang Espiritu nga ng Panginoon ay humiwalay kay Saul, at isang masamang espiritu na mula sa Panginoon ay bumagabag sa kaniya." (1 Samuel 16:1-14)***

Ang Pagtawag kay David upang maging isang hari ay nasa isang kritikal na panahon sa buhay ng bayan ng Diyos.Si Saul ang naunang pinahirang Hari ay naghimagsik at lumayo mula sa pagsunod sa Diyos at sa paggawa ng Kanyang kalooban. Kaya't ang Panginoon ay nagpasya na palitan siya ni David; ganon pa man may mga bagay na maaring humadlang o magpaantala sa iyo mula sa pagtugon sa tawag ng Diyos sa iyong buhay. Pati na rin ay may mga kadahilan na makakatulong upang kamitin ang kalooban ng Diyos at sa pagtawag ng Diyos sa iyong buhay. Mula sa pasimula sa pagtawag kay David matutunan natin ang mabubuting puntos na maari nating ilapat sa ating buhay, pamilya at ministerio.

***Damdamin:*** Si Samuel ay may emosyon at damdamin patungo kay Saul at patuloy na nanalangin at nanangis sa Diyos upang ibalik si Saul sa kanyang pagkatawag, ***"1 At sinabi ng Panginoon kay Samuel, Hanggang kailan pananangisan mo si Saul yamang aking itinakuwil siya na maging hari sa Israel? Punuin mo ng langis ang iyong sungay, at ikaw ay yumaon, susuguin kita kay Isai na Bethlehemita: sapagka't ako'y naglaan sa kaniyang mga anak ng isang hari."*** Ngunit dahil si Saul ay lubos na naghimagsik laban sa Diyos, at ang Diyos ay nagpasyang kumilos upang gamitin ang ibang tao, sa gayon napagtagumpayan ni Saul at nakontrol ang kanyang emosyon at damdamin at sumunod sa plano ng Diyos. *Kailangan mong pigilan ang iyong damdamin at emosyon ar hayaang ang iyong isip ang mangasiwa sa iyong buong puso at damdamin at sa lahat ng iyong katawan upang makaya mong sumunod sa Diyos at magpatuloy sa Kamyang plano.*

***2. Paguusig:*** Si Samuel ay natakot kay Saul na uusigin siya kung malalaman nito na siya ay pupunta upang pahiran si David bilang isang bagong Hari. Ang paguusig at takot sa mga pagbabanta at paglusob ng kaaway ay maaring gumanap ng tungkulin at kadahilnan na huwag kang magpatuloy at sumunod sa Diyos. Ipinahayag ni Samuel sa Diyos ang katotohanan ng kalagayan at ng kanyang takot mula kay Saul, ***"2 At sinabi ni Samuel, Paanong ako'y paroroon? Kung mabalitaan ni Saul, ay kaniyang papatayin ako. At sinabi ng Panginoon, Magdala ka ng isang dumalagang baka, at iyong sabihin, Ako'y naparito upang maghain sa Panginoon."*** *Sa parehong paraan tanggapin ang paguusig sa ministerio, at ipahayag sa Diyos ang iyong takot, at Siya mismo ang mag-uutos sa iyo at tutulong sa iyo upang magtagumpay gaya ng pagtatagumpay ni Samuel.*

***3. Magtiwala sa Diyos at ilapat nang tama ang kautusang ibinigay niya sa iyo upang protektahan ka:*** Ang Diyos ay nagsalita kay Samuel, ***"Magdala ka ng isang dumalagang baka, at iyong sabihin, Ako'y naparito upang maghain sa Panginoon."*** Binigyan siya ng Diyos ng karunungan kung ano ang kailangan niyang gawin

at inilagay ng Diyos ang salita sa kanyang bibig kung ano ang kailangan niyang sabihin, ***“Ako'y naparito upang maghain sa Panginoon.”*** *Tuturuan ka ng Diyos kung ano ang kailangn mong gawin at ang mga salita na kailangan mong salitain o sabihin*. ***“4 At ginawa ni Samuel ang sinalita ng Panginoon.”*** *Gawin ang katulad, at huwag baguhin ang tagubilin ni huwag mong dadagdagan o bawasan.*

***4. Sa bawat hakbang ay tuturuan ka ng Diyos ng kung ano kailangan mong gawin:*** Sinabi ng Diyos kay Samuel, ***“3 At tawagin mo si Isai sa paghahain at aking ituturo sa iyo kung ano ang iyong gagawin; at iyong papahiran sa akin yaong sa iyo'y aking sabihin.”*** Sinabi ng Diyos kay Samuel, ***“Susuguin kita kay Isai na Bethlehemita: sapagka't ako'y naglaan sa kaniyang mga anak ng isang hari.”*** Hindi pa sinabi ng Diyos kay Samuel kung sino ang kanyang ilalaan, ngunit sinabi niya sa kanya, ***“at aking ituturo sa iyo kung ano ang iyong gagawin;”*** *Sa tuwingi hihilingin sa iyo ng Diyos na gawin ang isang bagay at ginagawa mo ito, nsususmpungan mo ang iyong sarili na alam ng Diyos tungkol sa susunod na hakbang.*

***5. Pigilan ang iyong bibig at huwag ihayag kung ano ang hindi sinabi sa iyo ng Diyos upang ipahayag: “4 At ginawa ni Samuel ang sinalita ng Panginoon at naparoon sa Bethlehem. At ang mga matanda sa bayan ay naparoon upang salubungin siya na nagsisipanginig, at nagsabi, “Naparirito ka bang may kapayapaan?” 5 At kaniyang sinabi, “May kapayapaan:” ako'y naparito upang maghain sa Panginoon: “magpakabanal kayo at sumama kayo sa akin sa paghahain. At pinapagbanal niya si Isai at ang kaniyang mga anak, at tinawag niya sila sa paghahain.”*** Hindi kailanman sinabi ni Samuel kaninuman sa kanyang buong pagdalaw at pakikipagusap sa Betlehem na siya ay pumunta upang pahiran ang bagong Hari. Hiindi iyon lumabas sa kanyang bibig. Hindi malalaman ng Diablo kung ano ang sinabi ng Diyos sa iyo malibang sabihin mo ito o isulat ito. Si Samuel ay nanatiling kalmado at hindi alam ng diablo kung ano ang layunin ni Samuel sa pagdalaw sa Betlehem. Marami sa panahon ngayon kapag tinawag sila ng Diyos, sila’y maglalagay ng malaking patalastas at mga programa at pupukawin ng kanilang pagmamayabang ang lahat ng kapangyarihan ng demonyo upang hadlangan sila at labanan sila. ***“16 Datapuwa't ngayon ay nagmamapuri kayo sa inyong mga pagpapalalo: ang lahat ng ganitong pagmamapuri ay masama.” (Santiago 4:16)*** Ang gawain ng Diyos ay magpapatuloy na may pagpupuri at labis na pagpapakitang gilas. Ang Diyos ay gumagawa kasama ng mga taong mapagkumbabang at ang pagpapahid ng Banal na Espiritu ay sumasama sa mga tahimik na gumagawa ng gawain ng Diyos. *Pagilan ang iyong bibig ng kung ano ang iyong sasalitain at sasabihin sa mga tao. Huwag magsalita ng higit, ni magdagdag o magbawas ng kung nais ng Diyos na sabihin mo sa mga tao.*

***6. Ang pagpapabanal at paglalaan ay kinakailangan sa pagtugon sa pagtawag ng Diyos: “5 At kaniyang sinabi, “May kapayapaan:” ako'y naparito upang maghain sa Panginoon: “magpakabanal kayo at sumama kayo sa akin sa paghahain. At pinapagbanal niya si Isai at ang kaniyang mga anak, at tinawag niya sila sa paghahain.”*** Ang kabanalan sa ating buhay at sa buhay ng mga taong nasa ilalim ng ating pangangalaga ay kailangang makamit ang tawag ng Diyos. Ang kasalanan ay kailangang linisin mula sa ating kalagitnaan upang ang kapangyarihan ng pagpapahid at pagpapagaling ay dumaloy sa ating buhay. *Ang kasalanan ay kailangang alisin mula sa simbahan ng Diyos upang ang kapanyarihan ng pagpapahid at pagpapagaling ay dumaloy sa ating buhay.*

***7. Huwag itakda ang iyong isip na nakatutok sa kaisipan ng mga taong nakapalibot sa iyo: “6 At nangyari, nang sila'y dumating na siya'y tumingin kay Eliab, at nagsabi, Tunay na ang pinahiran ng Panginoon ay nasa harap niya.”*** Iniisip ni Samuel na si Eliab ay hinirang ng Diyos dahil si Eliab ay matangkad, ***“7 Nguni't sinabi ng Panginoon kay Samuel, Huwag mong tingnan ang kaniyang mukha, o ang taas ng kaniyang kataasan; sapagka't aking itinakuwil siya: sapagka't hindi tumitingin ang Panginoon na gaya ng pagtingin ng tao: sapagka't ang tao ay tumitingin sa mukha, nguni't ang Panginoon ay tumitingin sa puso.”*** Ang dahilan ni Samuel sa pagsasaalang-alang ng taas ni Eliab dahil si haring Saul ay ang pinakamataas na tao sa Israel, ***“21 At kaniyang inilapit ang lipi ni Benjamin ayon sa kaniyang mga angkan; at ang angkan ni Matri ay siyang napili; at si Saul na anak ni Cis, ay siyang napili: nguni't nang kanilang hanapin siya ay hindi nasumpungan.22 Kaya't kanilang itinanong uli sa Panginoon, May lalake pa bang paririto? At ang Panginoon ay sumagot, Narito siya'y nagtago sa mga kasangkapan.23 At sila'y tumakbo at kinuha nila siya roon; at nang siya'y tumayo sa gitna ng bayan, ay mataas siya kay sa sinoman sa bayan, mula sa kaniyang mga balikat at paitaas.24 At sinabi ni Samuel sa buong bayan, Nakikita ba ninyo siya na pinili ng Panginoon, na walang gaya niya sa buong bayan? At ang buong bayan ay sumigaw, at nagsabi, Mabuhay ang hari.” (1 Samuel 10:21-24)*** Si Saul ay hinirang ng Diyos sa pagtugon sa kagustuhan at kahilingan ng mga tao. Nais nila ng isang hari upang makipaglaban para sa kanila ang mga Filestino na mga higante sa gitna nila, kaya’t binigyan sila ng Diyos ng mataas na lalaki bilang isang hari upang umangkop sa kanilang layunin sap ag-iisip. Kaya ngayon nang pinalitan ng Diyos si Saul ng ibang tao, naisip ni Samuel na papalitan ng Diyos si Saul ng ibang taong mataas at kaya naman naisip niya na si Eliab iyon. Kapag ikaw ay tumugon sa tawag ng Diyos ilagay mo lang sa iyong isipan ang sinabi ni Jesus, ***“15 At sinabi niya sa kanila, Kayo ang nangagaaring-ganap sa inyong sarili sa paningin ng mga tao; datapuwa't nakikilala ng Dios ang inyong mga puso; sapagka't ang dinadakila ng mga tao ay kasuklamsuklam sa paningin ng Dios.” (Lucas 16:15)*** Oo at totoo: *Ang mataas na pinahahalagan ng mga tao ay kasuklam-suklam sa paningin ng Diyos. Huwag makiayon sa*

*huwaran ng sanglibutan at sa huwaran ng mga taong nakapalibot sa iyo, kung hindi ikaw at mahahadlangan sa pagkamit sa layunin ng Diyos.*

***8. Ang mabuting halimbawa ni Isai sa pagtugon sa pgtawag ng Diyos: "8 Nang magkagayo'y tinawag ni Isai si Abinadab, at pinaraan niya sa harap ni Samuel. At kaniyang sinabi, Kahit ito man, ay hindi pinili ng Panginoon.9 Nang magkagayo'y pinaraan ni Isai si Samma. At kaniyang sinabi, Kahit ito man, ay hindi pinili ng Panginoon.10 At pinaraan ni Isai ang pito sa kaniyang mga anak sa harap ni Samuel. At sinabi ni Samuel kay Isai, Hindi pinili ng Panginoon ang mga ito.*** Si Isai ay nakipagkaisa nang mabuti kay Samuel sa pagkamit ng layunin ng Diyos. Si Samuel ay ang pastor at si Isai ang puno ng kanyang pamilya. Hindi siya tumutol o ginambala si Samuel at tinanong siya bakit hindi pinili ng Diyos ang kanyang panganay. Wala siyang idinikta ng anuman kay Samuel at kahit na hindi siya nagsalita ng isang salita o ipinahayag ang kanyang saloobin kay Samuel ang pastor. Sinagot lamang niya ang tanong ni Samuel at ginawa ang itinanong sa kanya upang gawin. ***11 At sinabi ni Samuel kay Isai, "Narito ba ang iyong lahat na anak?" At kaniyang sinabi, "Natitira pa ang bunso, at, narito, siya'y nag-aalaga sa mga tupa." At sinabi ni Samuel kay Isai, "Ipasundo mo siya; sapagka't hindi tayo uupo hanggang sa siya'y dumating dito." 12 At siya'y nagsugo, at sinundo siya roon. Siya nga'y may mapulang pisngi, may magandang bikas, at mabuting anyo. At sinabi ng Panginoon, "Tumindig ka: pahiran mo siya ng langis, sapagka't ito nga.13 Nang magkagayo'y kinuha ni Samuel ang sungay ng langis, at pinahiran siya sa gitna ng kaniyang mga kapatid: at ang Espiritu ng Panginoon ay makapangyarihang suma kay David mula sa araw na yaon hanggang sa haharapin. Gayon bumangon si Samuel at napasa Rama."*** Tinawag ni Isai si David ng isang beses at kahit na siya ay nagbabantay ng tupa. Ang ilan maliban kay Isai, na masuwayin sa Diyos ay maaring magsabi, *Pakiusap, siya ay abala sa aking gawain, pumunta ka sa ulit sa ibang panahon.'* Si Isai ay may buong kontrol sa kanyan pamilya; ang kanyang asawa ay hindi pumunta at nakialam at nagbigay ng kanyang sa saloobin at kahilingan, ang kanyang mga anak ay hindi tumanggi o nagpakita ng sama ng loob na ang kanilang pinakabatang kapatid ang hinirang, at kahit si David ay lumapit ng mabilis at nang walang pagpapaliban nang tinawag siya ng kanyang ama. Ang pamilya ni Isai ay isang pamilya sa pagkakasunod-sunod.

***9. Huwag itakda ang iyong puso at isip sa pagkain: 11 At sinabi ni Samuel kay Isai, "Narito ba ang iyong lahat na anak?" At kaniyang sinabi, "Natitira pa ang bunso, at, narito, siya'y nag-aalaga sa mga tupa." At sinabi ni Samuel kay Isai, "Ipasundo mo siya; sapagka't hindi tayo uupo hanggang sa siya'y dumating dito."*** Nang si Samuel ay naghihintay kay David upang dumating, hindi niya sinabi, 'kumain na tayo at tayo ay gutom na' Pagmasdan ang sinabi ni Samuel: ***"Ipasundo mo siya; sapagka't hindi tayo uupo hanggang sa siya'y dumating dito."*** *Ministerio at paglilingkod ang unahin, pagkain, pagpapahinga at pagpapalamig ay pagkatapos tapusin ang mga takdang gawain*. Marami kapag tinawag sila ng Diyos inuuna nila ang pagkain kaysa sa ibang mga bagay at isinasantabi ang kanilang mga takdang gawain. *Kaya't huwag maging katulad nila.*

***10. Tumugon sa pagtawag ng Diyos at makipagkaisa sa Diyos at sa Kanyang simbahan at sa Kanyang lingkod:*** Itinalaga ng Diyos ang pagpapahid kay David sa isang napaka kritikal na panahon ng buhay ng Kanyang simbahan at ng Kanyang bayan, "***14 Ang Espiritu nga ng Panginoon ay humiwalay kay Saul, at isang masamang espiritu na mula sa Panginoon ay bumagabag sa kaniya."*** kaya ang patakaran upang pahiran si David ay isang madaliang mga bagay upang gawin. ***12 At siya'y nagsugo, at sinundo siya roon. Siya nga'y may mapulang pisngi, may magandang bikas, at mabuting anyo. At sinabi ng Panginoon, "Tumindig ka: pahiran mo siya ng langis, sapagka't ito nga.13 Nang magkagayo'y kinuha ni Samuel ang sungay ng langis, at pinahiran siya sa gitna ng kaniyang mga kapatid: at ang Espiritu ng Panginoon ay makapangyarihang suma kay David mula sa araw na yaon hanggang sa haharapin. Gayon bumangon si Samuel at napasa Rama."*** Sa gayon maging sensitibo gaya ni Samuel na sensitibo upang marinig at tumugon sa tinig ng Diyos, ***"Tumindig ka: pahiran mo siya ng langis, sapagka't ito nga.''*** Nang si David ay pinahiran. Ang Banal na Espiritu ay suma kanya ng makapangyarihan, ***"13 Nang magkagayo'y kinuha ni Samuel ang sungay ng langis, at pinahiran siya sa gitna ng kaniyang mga kapatid: at ang Espiritu ng Panginoon ay makapangyarihang suma kay David mula sa araw na yaon hanggang sa haharapin. Gayon bumangon si Samuel at napasa Rama."*** Si Samuel ay umuwi lamang pagkatapos niyang matapos ang gawain sa isang sakdal na paraan. *Huwag na huawag uuwi ng bahay habang hindi ginagawa ang gawain ng Diyos.*

***Sa akin mahal at minamahal:*** Si Samuel ay sensitibo sa kanyang pagtugon sa Diyos. Si Isai ay sensitibo at masunurin sa tagubilin ni Samuel dahil batid niya na ang sinasabi ni Samuel ay mula sa Diyos, at si David ay tumugon sa tawag ng kanyang ama dahil batid niya na ang kanyang ama ay masunurin sa Diyos. Ang pamilya ni Jesse ay nasa kaayusan. Ang lahat ng ito ay mahalaga mga dahilan na nagpasya ng mabungang kinalabasan sa pagpapahid ni David at sa pagtatalaga sa kanya bilang isang hari sa mismong particular at kritikal na panahon sa buhay ng simbahan at sa bayan ng Diyos. *Ilagay sa iyong isip na ikaw ay mahalagang tao sa simbahan ng Diyos at ang iyong pagsunod ay magkakagawa ng pagkakaiba. Kaya't pagbulayan ang mensahe, at pag-isipan lahat ng mga puntong tinalakay at ilapat ang mga ito sa tulong ng Banal na Espíritu sa iyong buhay habang ikaw ay sumasang-ayon na patuloy na sundin ang Diyos at maglingkod sa Kanya.*

1. ***Huwag hayaang ang iyong emosyon at damdamin ang humadlang sa iyo mula sa pagkilos patungo sa direksyon na itinakda ng Diyos sa iyo upang pumaroon.***
2. ***Asahan ang paguusig at magtiwala sa Diyos na poprotektahan ka niya.***
3. ***Magtiwala sa Diyos at ilapat nang tama ang mga tagubilin na ibinigay Niya sa iyo upang protektahan ka.***
4. ***Sa bawat hakbang ay tuturuan ka ng Diyos ng kung ano ang kailangan mong gawin.***
5. ***Pigilan ang iyong bibig at huwag ihayag ang hindi sinabi sa iyo ng Diyos na ipahayag.***
6. ***Ang pagpapabanal at paglalaan ay kailangan sa pagtugon sa pagtawag ng Diyos. Mabuhay sa kabanalan upang maging handa na gamitin kakapag tinawag ng Diyos.***
7. ***Huwag itakda ang iyong isipan at makiayon sa isipan ng mga taong nakapalibot sa iyo.***
8. ***Kunin ang mabuting halimbawa ni Isai sa pagtugon sa tawag ng Diyos. Siya ay sumunod kay Samuel at hindi nakialam at ginambala siya sa kung anong kanyang ginagawa para sa Diyos.***
9. ***Huwag ituon ang iyong puso at isip sa pagkain.***
10. ***Tumugon ng maayos sa pagtawag ng Diyos at makipagkaisa sa Diyos at sa Kanyang simbahan at sa Kanyang lingkod.***

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Diyos Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus at nabuhay mula sa mga patay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat sa iyong malinaw na salita sa akin. Panginoon patawarin ako sa pag-antala sa pagtugon sa iyong munting tinig. Panginoon ipinapangko ko ang aking sarili sa mga layunin ng mensaheng ito at ilapat ang mga ito sa aking buhay. Panginoon magsalita ka sa akin at hayaang mong malaman ko kung anong oras na kailangan kong gawin iyon. Panginoon alalayan ako at itaas ako ng iyong biyaya, upang matagumpay akong magpatuloy sa pagtugon sa iyong pagtawag at sa pagkamit ng iyong layunin. Ito ay aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen. Panginoon pagpalain kami palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com